# INIREKOMENDANG GAWAING RITWAL SA PAGLIGO (GHUSL)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Isang paliwanag kung kailan inirerekomenda na gawin ang ghusl at maunawaan ang ilang mga pangkalahatang alituntunin at regulasyon na may kaugnayan sa kababaihan.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Mga Panalangin

**Ni:** Imam Kamil Mufti

**Nai-publish sa:** 20 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga kinakailangan

· Tuntunin ng ritwal sa pagligo(*Ghusl*).

Mga Layunin

·Upang malaman ang mga okasyon kung saan ang pagganap ng *ghusl* ay hindi sapilitan ngunit isang inirerekomenda at kapaki-pakinabang na gawain.

·Upang maintindihan ang alituntunin para sa mga kababaihan patungkol sa *ghusl.*

· Upang maging pamilyar sa ilang mga pangkalahatang alituntunin na may kaugnayan sa *ghusl.*

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Ghusl* – ritwal na pagligo.

·*Wudoo* – espesyal na paghuhugas.

·*Eid* – pyesta o pagdiriwang. Ipinagdiriwang ng mga Muslim ang dalawang pangunahing relihiyosong malaking pista, na kilala bilang *Eid-ul-Fitr* (na nagaganap pagkatapos ng *Ramadan*) at *Eid-ul-Adha* (na nangyayari sa panahon ng *Hajj).*

·*Salat ul-Jumuah* – pagdarasal sa araw ng Biyernes.

·*Junub* – isa na nasa isang estado ng pagkatapos ng pagtatalik.

·*Fajr* - pang umagang pagdarasal.

## Kailan ba mas mainam ngunit hindi Kinakailangan mag-sagawa ng *Ghusl?*

May mga okasyon kung kailan ito inirerekomenda at kapaki-pakinabang para sa isang Muslim ang isagawa ang *ghusl*: ang iba sa kanila ay nakalista dito:



### (1) Para sa Biyernes na pagdarasal (*Salat ul-Jumuah* sa Arabe).

Mas mainam isagawa ang *ghusl* bago ang dasal sa araw ng J*umu'ah*. Ang oras ay umaabot sa pagitan ng bukang liwayway sa araw ng biyernes at ang oras ng panalangin ng *Jumu'ah*. Bagama't ito'y hindi posible para sa marami na magsagawa ng *ghusl* bago ang *Jum'uah* dahil sa trabaho o paaralan, pwede nila itong isigawa bago sila umalis sa umaga. Pag ang *wudoo* ay nasira at ito'y nawalan ng bisa kailangan mag *wudoo* ng panibago na di na kinakailagang maligo.

### (2) Taunang pagdarasal para sa *Eid.*

Minumungkahi para sa isang Muslim ang magsagawa ng *ghusl* sa araw ng pagdarasal ng *Eid.* Maraming mga ulat mula sa mga Kasamahan ang naiulat tungkol sa bagay na ito.

### (3) Pagpasok sa Mecca

Ito'y kanais-nais ang magsagawa ng *ghusl* para sa sinumang gustong pumasok sa Mecca.[2]

### (4) *Ghusl* pagkatapos ng paghuhugas ng bangkay.

Ang pagsasagawa ng *Ghusl* ay mimumungkahi pagkaraang maghugas ng

bangkay.[3]

## *Ghusl* para sa mga Kababaihan

Ang pagligo para sa kababaihan ay nakabalangkas sa itaas, maliban na kung siya ay may tinirintas na buhok hindi na niya kailangang tanggalin ito, kailangan lang maabot ng tubig ang kanyang anit. [4] Ito ay sapat na para sa kanya upang ibuhos ang tubig sa ibabaw ng kanyang ulo ng tatlong beses, siguraduhin na ang tubig ay ganap na umabot sa pinagtubuan ng kanyang buhok (anit).

Gayundin, ang nail polish o anumang iba pang agent na pumipigil sa tubig mula sa pag-abot sa mga bahagi ng katawan ay dapat alisin sa oras ng *ghusl*.[5]

Kanais-nais para sa isang babae pagkatapos isagawa ang *ghusl* dahil sa buwanang dalaw o kaya'y pagkatapos ng panganganak na gumamit ng bulak na may aroma at ipahid ito sa maselang bahagi ng katawan, ng sa gayon malinis niya ang kanyang sarili mula sa natitirang amoy ng dugo sa kabuwanang dalaw.[6]

Ang *ghusl* ay hindi kinakailangan sa mga sumusunod na dalawang kalagayan:

(i) Normal na may lumalabas sa maselang bahagi ng katawan. Ito'y normal para sa maselang bahagi ng katawan na mamasa-masa na para bagang isang uhog. Nagbabago ito sa buong buwanang pag-ikot (cycle) bilang tugon sa produksyon ng hormon ng katawan. Karamihan sa mga normal na kabataan at mas matatandang kababaihan ay may puting, malagkit na lumalabas na tinatawag na leucorrhea, isang likido na naiiba mula sa orgasmic fluid. Ito’y normal para sa mga kababaihan na magkaroon nito ng kaunti sa kanilang pananamit. Ang Lumalabas na likido sa katawan ay maaring mas basa ito o kaya'y tuyo, at maaring ito'y malagkit o kaya'y malapot. itong lumalabas ay maaring puti o kaya'y manilaw-nilaw kapag nalantad sa hangin. Normal sa maselang bahagi ng katawan na mamasa-masa na may katamtamang amoy, o walang aroma, at maaaring maging malinaw o malagatas ang kulay kapag namamasa-masa, naninilaw ang kulay pag natuyo, at namumuong bahagya. Maaaring mas mabigat sa panahon ng kalagitnaan ng buwan, kapag nangyayari ang obulasyon, sa panahon ng pagbubuntis, at kapag gumagamit ng mga tabletas para sa birth control. Ang *Ghusl* ay hindi kinakailangan sa ganitong kaso.

(ii) Laro bago magtalik (foreplay), ang pag-iisip tungkol sa pakikipagtalik at sekswal na pagpukaw ay nagiging sanhi ng mga ugat na lumawak. Ang pamamaga ay lumilikha ng isang "reaksyon ng pagpapawis" nagdudulot ng pamamasa ng maselang bahagi ng katawan at mabasa ang lagusan. Ang kombinasyon ng vaginal mocus at lubrikasyon ay ang nagdudulot ng sexual secretions sa kababaihan. Maaring ito'y puti na manipis at hindi sinusundan ng pakiramdam ng pagkahapo. Ito'y tinatawag na *madhiy* sa Arabe. Ang *Ghusl* ay hindi din kinakailangan sa kasong ito.

Ang isang babae ay itinuturing na hindi malinis pagkatapos makipagtalik at dapat magsagawa ng *ghusl* sa dalawang kaso:

(a) Pagpasok ng maselang bahagi ng lalake sa maselang bahagi ng babae, kahit pa walang lumabas mula sa lalaki, ito ay nangangahulugan na ang mag-asawa ay hindi malinis. Pareho silang nangangailangan ng *ghusl* upang ipagpatuloy ang pagsamba.

(b) Paglabas ng likido sa maselang bahagi ng katawan na tinatawag na *maniy* dahil sa panaginip[7] at sa orgasm ng babae.

Ang isang babae ay kinakailangan magsagawa ng *ghusl* pag nakaranas ng isang erotikong panaginip at nakaramdam siya ng pamamasa sa maselang bahagi ng katawan sa panahong siya'y nagising.

Gayundin, ang *ghusl* ay nagiging obligado pag ang babae ay nalabasan ng *maniy* at siya'y umabot sa orgasm dahil sa iba pang kadahilanan. Ang orgasm ay kasukdulan ng

sekswal na aktibidad na sinamahan ng kotraksyon ng maselang bahagi ng katawan at iba pang mga pagbabago sa katawan, at mga karaniwang resulta mula sa pakikipagtalik. [8]

Makikilala ang kaibahan ng *maniy* mula sa normal na discharge mula sa maselang bahagi dahil sa amoy at kulay. Ang m*aniy* ng mga kababaihan, ang likido na nangangailangan ng *ghusl*, ay makikilala sa pamamagitan ng maraming katangian:

(a) ito ay lumalabas bilang resulta ng pakiramdam na sekswal na kasiyahan at nararamdaman ng babae ang ibang pakiramdam kapag ito ay lumabas.

(b) ito ay sinusundan ng isang pakiramdam ng pagkahapo.

(c) ito ay may isang partikular na amoy.[9]

(d) ito ay karaniwang dilaw at di-malapot. Maaari itong maging puti.

Ang unang dalawang katangian ay marahil ang pinakamahalagang senyales. Ang likido na lumalabas sa maselang bahagi ng katawan ng babae na inilarawan sa itaas na hindi nakakatugon sa mga katangian ng *maniy* ay hindi nangangailangan ng *ghusl*, ngunit nangangailangan ng *wudoo*.

## Pangkalahatang mga alintuntunin para sa *Ghusl*

Ang mag asawa ay maaring maligo ng magkasama, ngunit ito'y malaswa at ipinagbabawal na isagawa sa publiko. Ipinagbabawal na ilantad ang mga pribadong bahagi maliban sa asawa o para sa medikal na paggamot.

Sapat ng magsagawa ng isang *ghusl* para sa dalawang kadahilanan, tulad ng pagkatapos ng sekswal na aktibidad at panalangin sa araw ng Biyernes, kailangan lamang na gawin ang intensyon na magsasagawa ng *ghusl* para sa dalawang kadahilanan.

Ito ay sapat na para sa isang tao upang magsagawa ng *ghusl* kahit na hindi siya nagsagawa ng espesyal na paghugas ng isinasagawa niya ang *ghusl*.

ito'y ipinahihintulot para sa isang tao pagkatapos ng pagtalik *(junub)* o para sa babaeng may buwanang dalaw na alisin ang buhok, putulin ang kuko at mamasyal sa pamilihan at iba pa, at hindi ito itinuturing na nakakasirang mga gawain.

Pinapayagan para sa mga mag-asawa na gamitin ang tubig na natira ng isa na gaya din na pwede rin nilang gamitin ang iisang lalagyan para sa *ghusl* para magsagawa ng *ghusl.*

Ang mag-asawa ay hindi kinakailangang magsagawa ng *ghusl* kaagad pagkatapos ng pagtatalik. Pagkaraan ng pagdarasal sa gabi, ito'y ipinahihintulot na iantala ang pagligo hanggang sa umagang pagdarasal (*Fajr). S*a ganitong pagkakataon nirerekomenda na mag-*wudoo* bago matulog.

Mga talababa:

[1] Sinabi ng Propeta, "Ang sinumang gumagawa ng paghuhugas at perpekto ito at pagkatapos ay pupunta sa panalangin sa araw ng Biyernes at nakikinig nang mabuti, ay mapapatawad siya sa panahon sa pagitan ng Biyernes at sa susunod na Biyernes, at isang karagdagang tatlong araw." (Saheeh Muslim)

[2] Iniulat ni Nafi na si Ibn Umar ay hindi kailanman pumasok sa Mecca nang hindi gumugol ng gabi sa Dhi Tawu hanggang sa madaling araw, at siya ay naligo, at pagkatapos ay papasok sa Mecca sa umaga. Binanggit niya (Ibn Umar) na ang Sugo ng Allah ay gumawa ng gayon. (Ang Dalawang *Saheehs*. Ang bersyon na ito ay mula sa *Saheeh Muslim)*

[3] Ang Propeta ay naiulat na nagsabi, "Ang sinuman na naghugas ng bangkay ay dapat magsagawa ng *ghusl,* at sinuman ang nagdala sa kanya ay dapat maghugas. "(Musnad, Abu Dawud, Al-Tirmidhi, Nisa'i, Ibn Majah)

[4] Si Umm Salamah na asawa ng Propeta ay nagsabi, "O Sugo ng Allah, Ako ay isang babae na may tirintas sa aking ulo. Kailangan ko bang tanggalin ang mga ito para sa *ghusl* pagkatapos ng pakikipagtalik? "Sabi niya," Hindi, sapat na upang ibuhos ang tatlong dakot ng tubig sa iyong ulo at pagkatapos ay ibuhos ang tubig sa iyong sarili. Pagkatapos ng paggawa nito, ikaw ay malinis na. "(Musnad, Saheeh al Bukhari, at Al-Tirmidhi)

[5] Ito ay batay sa utos ni Allah na hugasan ang mga mukha at kamay, atbp (isagawa ang *wudoo*) sa Quran 5: 6 bago manalangin. Ayon sa mga iskolar, ang **paghuhugas** ay nagpapahiwatig na ang tubig ay **dapat na talagang maabot ang balat**, kaya ang anumang bagay na sumasaklaw dito ay dapat alisin.

[6] Isang babaeng kasamahan ang nagtanong sa Sugo ng Allah tungkol sa *ghusl* matapos ang regla. Sinabi niya (Sugo): "Dapat niyang gamitin ang tubig na may halong dahon ng puno ng lote at linisin ang sarili. Pagkatapos ay dapat niyang ibuhos ang tubig sa ibabaw ng kanyang ulo at kuskusin ito hanggang sa maabot nito ang pinagmumulan ng buhok, pagkatapos ay dapat ibuhos ang tubig sa ibabaw nito. Pagkatapos, dapat siyang kumuha ng isang piraso ng bulak na may musk o pabango at linisin ang sarili nito. "(Abu Dawood, Ibn Majah, at iba pa)

[7] Ang wet-dreams sa kababaihan ay maliit na pinag-aralan kahit ngayon, ngunit kinumpirma ito ni Propeta Muhammad 1400 taon na ang nakalilipas. Noong 1953, natagpuan ni Alfred Kinsey, Ph.D, isang researcher sa seksuwalidad, na halos 40 porsiyento ng 5,628 kababaihan na kanyang tinanong ay nakaranas ng orgasm sa gabi (orgasm habang natutulog), o "basang-panaginip (wet dream)" noong sila ay apatnapung taon gulang. Ang isang mas maliit na pag-aaral na inilathala sa Journal of Sex Research noong 1986 ay natagpuan na ang 85 porsiyento ng mga kababaihan na nakaranas ng mga orgasm sa gabi ay nangyayari sa edad na dalawampu't isa ...Ang iba sa kanila ay edad na labintatlo. Ang vaginal secretions ay maaaring maging tanda ng sekswal na pagpukaw nang walang orgasm.

[8] Karamihan ng mga kababaihan, ang likido ay hindi lumalabas sa panahon orgasm, ngunit kadalasan ay nakararanas ng pamamasa ng maselang bahagi ng katawan.

Sa ilang mga kababaihan, ang "bulalas (ejaculation)" ng isang malinaw na likido ay pinaniniwalaan na gawa ng mga glandula ng Skene (skenes glands) na katulad ng komposisyon sa glandula ng prostate ng isang lalake. Ito ay nangyayari sa panahon ng orgasm at hindi ihi. Ito ay katulad sa komposisyon ng semen, subalit walang sperm. Ang likido na ito ay naiiba sa mga secretions ng babae sa panahon ng pagpukaw.

[9] Kahit na ito ay hindi pamilyar sa maraming mga mambabasa, ito ay inilarawan ng gaya ng paglalarawan ng pollen ng palm tree at amoy ng harina, sa madaling sabi ay napakalinaw.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/98/inirekomendang-gawaing-ritwal-sa-pagligo-ghusl

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.